

Walang Surpresa: Ano ang good faith estimate?

Kung wala kang segurong pangkalusugan o plano mong magbayad na lang ng mga bayarin sa pangangalaga ng kalusugan, karaniwan na, ang mga tapagpaglaan at pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ang dapat magbigay sa iyo ng pagtantiya ng inaasahang bayarin kapag nag-iskedyul ka ng appointment para sa isang item o serbisyong pangkalusugan, o kung hihiling ka ng pagtantiya. Ang tawag dito ay "good faith estimate."

Ang good faith estimate ay hindi bayarin

Ang good faith estimate ay nagpapakita ng listahan ng inaasahang bayarin para sa mga item o serbisyo mula sa iyong tagapaglaan o pasilidad. Dahil ang good faith estimate ay batay sa impormasyong alam sa panahong gagawa ang iyong tagapaglaan o pasilidad ng pagtantiya, hindi dito isasama ang anumang hindi alam o hindi inaasahang gastos na maaaring isama sa panahon ng paggamot sa iyo. Karaniwan na, dapat kasama sa good faith estimate ang inaasahang gastos para sa:

- Ang pangunahing item o serbisyo
- Anumang iba pang item o serbisyo na makatuwirang asahan mo bilang bahagi ng pangunahing item o serbisyo para sa panahong iyon ng pangangalaga.

Maaaring hindi kasama sa pagtantiya ang bawat item o serbisyo na makukuha mo mula sa ibang tagapaglaan o pasilidad, kahit na ang ilang item o serbisyo ay parang konektado sa parehong serbisyo. Halimbawa, kung ooperahan ka, maaaring kasama sa good faith estimate ang gastos sa operasyon, anesthesia, anumang serbisyo sa lab, o mga test.

Sa ilang kaso, ang mga item o serbisyong kaugnay ng operasyon **na nakaiskedyul nang bukod**, gaya ng ilang appointment bago ang operasyon o physical therapy sa mga linggo pagkatapos ng operasyon, ay maaaring hindi kasama sa good faith estimate. Makakakuha ka ng bukod na good faith estimate kapag nag-iskedyul ka ng mga item o serbisyong iyon sa iyong tagapaglaan o pasilidad, o kung hihilingin mo ito.

Ang karapatan mo sa good faith estimate

Ang mga tagapaglaan at pasilidad ay dapat magbigay sa iyo ng good faith estimate:

- Matapos kang mamakapag-iskedyul ng item o serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan. Kung nag-iskedyul ka ng item o serbisyo nang di-bababa sa 3 araw ng trabaho bago ang araw na makuha mo ang item o serbisyo, dapat magbigay ang iyong tagapaglaan ng good faith estimate nang hindi lalampas ng 1 araw ng trabaho matapos itong maiskedyul. Kung nag-iskedyul ka ng item o serbisyo O humiling ng impormasyon tungkol sa gastos nang di-bababa sa 10 araw ng trabaho bago ang araw na makuha mo ang item o serbisyo, dapag magbigay ang iyong tagapaglaan o pasilidad ng good faith estimate nang hindi lalampas ng 3 araw ng trabaho matapos mo itong maiskedyul o humiling ng pagtantiya.
- Kasama dito ang listahan ng bawat item o serbisyo (ng tagapaglaan o pasilidad), at espesipikong detalye, gaya ng service code ng pangangalangang pangkalusugan.
- Sa paraang madali mong ma-access, gaya ng malalaking letra, Braille, audio file, o iba pang anyo ng komunikasyon.

Dapat ding ipaliwanag sa iyo ng mga tagapaglaan at pasilidad ang good faith estimate sa telepono o nang personal kung hihilingin mo, at pagkatapos ay susundan ito ng nasusulat (sa papel o elektronikong) na pagtantiya, sa anyo ng komunikasyong gusto mo.

Panatilihin ang pagtantiya sa ligtas na lugar para maikumpara mo rito ang anumang bayarin na makukuha mo. Matapos mong makuha ang bayarin para sa mga item o serbisyo, kung ang bayarin ay \$400 o higit pa na mas mataas kaysa sa good faith estimate, puwede mong [ireklamo ang bayarin](#).

Para sa higit pang impormasyon, magrepaso ng isang [halimbawa ng nilalaman ng good faith estimate \(PDF\)](#) at [mga halimbawa ng good faith estimate na kuwalipikado at di-kuwalipikado mong ireklamo \(PDF\)](#).

Ang gastos sa pag-iimprenta, paglalathala, o paggawa at pamamahagi ng komunikasyong ito ay mula sa mga nagbabayad ng buwis sa U.S.